

PROLOGUE

Tulalang naupo si Heracles Marasigan kasunod ang tatlo pang lalaking kasamahan niya sa *NBI*. Ilang oras pa lang ang nakakalipas mula nang magsagawa sila ng isang delikadong misyon.

Matagumpay ang naging resulta niyon. Nahuli nila ang drug lord na matagal nilang minanmanan at sigurado nang mabibilanggo ito. Pero hindi iyon ang ipinanlulumo nila. Sisingilin yata sila ng pagkakataon ng isang buhay.

“Shit, bakit ba hindi ko siya pinigilan?” naiiling na sambit ni Heracles.

Matindi ang epekto sa kanya ng pagkakabaril kay Agent Christina Ylanan dahil siya ang partner at spotter ng dalagang sniper at naiisip niyang may nagawa pa siya dapat para pigilan itong lumayo sa tabi niya. Baka sakaling hindi ito nadisgrasya.

“Pare, hindi mo naman kasalanan na umarya si Christina.” Tinapik ni Aiken Crisostomo ang kanyang balikat. “She wanted to get near Kyle. Hindi ’yun papipigil.”

“Oo nga,” susog pa ni Louie Angeles. “At hindi din natin mape-predict na susunod pala siya kay Andrei sa warehouse.”

“Which was somehow good for us dahil malamang kung hindi dahil sa kanya, makakakawala pa din ang hayup na drug

lord na ‘yun,” ani Isaac Yabut.

Kumunot ang noo ni Louie. “She’ll be fine,” sabi nito na parang pati sarili ay kinukumbinsi sa katotohanan ng binigkas na mga salita. “Fighter ‘yan, kelan n’yo nakitang bumigay ang babaeng ‘yan?”

“Naaawa lang ako sa bata.” Minasahe niya ang pumipintig na sentido. “Ke liit-liit kasi, bakit ba nagpumilit ang isang ‘yun mag-NBI?”

“Ano naman ang kinalaman ng height ni Ina?” Inilapag ni Isaac ang baril sa mesa at sinimulang linisin iyon.

“Naiisip mo din ang kapatid mo?” Nangalumbaba pa sa harap niya si Aiken.

Nag-iisa ang nakababatang kapatid ni Heracles na si Apollo.

“Bakit,” singit ni Louie, “hindi naman maliit si Apollo, ah.”

He snorted. “Mas maliit siya sa akin, ergo, maliit siya.” Sinundan pa niya iyon ng palatak. “Sa lahat naman kasi ng puwedeng pasukin, pagsusundalo pa.”

Piloto si Apollo ng 222nd Tactical Airlift Squadron ng *Philippine Air Force*. Sa *Benito Ebuena Air Base* sa Cebu City ito nakadestino mula pa noong nagtapos ito sa *Philippine Military Academy* nito lang nakaraang taon.

“Teka nga, maglilinaw lang ako, Marasigan,” napakamot ng

ulo si Isaac, “tungkol saan ba ang issue na ito? Sa kapatid mo o kay Christina?”

“Pareho,” kibit-balikat niya. “Kapatid na din naman ang turing ko kay Ina. At dahil nag-aalala ako sa kanya ngayon, naiisip ko din si Pol.”

“Piloto naman si Pol.” Sinulyapan siya ni Louie. “Mas safe na ang pagiging piloto kesa naman kung napasama sa infantry o kung naging marino ’yun.”

“Parang di n’yo kilala ang equipment ng mga sundalo natin.” He snorted. “Sa sobrang dami ng faulty vehicles at armas ng *AFP*, ’yun pa ang ikamamatay nila kaysa sa tama ng bala mula sa rebelde.”

Ngumiwi ito. “May punto ka diyan.”

Doon naputol ang usapan nila dahil pumasok na rin ng opisina si Andrei Soriano, isa sa mga namuno ng stakeout. May bakas pa ng dugo sa harapan ng suot nitong damit. Alam nilang dugo iyon ni Christina.

“Andito pa kayo?” Nagtatakang iginalala nito ang paningin sa kanila.

“Nagligpit lang nang kaunti, Drei,” ani Aiken.

“Magpahinga na kaya kayo.” Inilapag nito ang naka-holster na baril mula sa likod ng baywang nito. “Magkita-kita na lang tayo pagkaumaga. Debriefing is at eleven a.m.”

“Kumusta si Christina?” Siya naman ang nagtanong.

Huminga muna ito nang malalim bago nagsimulang magbalita. Kinabahan tuloy siya dahil baka hindi maganda ang ibalita nito.

“Sa ngayon, kailangan pa nating magdasal.” Malungkot ang pagkakasabi nito. “Medyo napuruhan ang baga niya. Hanggang makaalis ako sa ospital, sinusubukan pa din siyang i-stabilize ng mga doktor.”

“Eh, si Magdayao, kumusta ang lagay?”

“Ayun. Nakalimutan nang may tama din siya,” kubit-balikat nito. “Hindi mo ’yun mapupuknat sa tabi ni Ylanan ngayon, palagay n’yo?”

“Sana umayos na si Ina,” ani Aiken. “Ang tagal ng ipinaghintay nilang dalawa baka mauwi pa sa wala.”

“Wag naman ganyan.” Tinampal ito ni Isaac. “Gaya nga ng sabi ni Louie, she’ll be fine.”

“Bilib naman ako sa dalawang ’yan, ano?” Pinigilan niyang maghikab. Naramdaman niya bigla ang pagod. “Ilang taong nagkahiwalay pero sila pa din sa huli.”

“Inggit ka, Marasigan?” tudyo ni Andrei.

Sinundan iyon ng hagikgikan ng tatlo pang lalaking naroon. Pinaningkitan niya ang mga ito ng mga mata. Alam ng mga hudas

ang lihim na kuwento ng kanyang lovelife at pinagkakaisahan siya ng mga ito ngayon.

“Ako?” Nakataas ang kilay niyang hinarap ang promotor. Pagkatapos ay iginala niya ang mga mata sa nasa paligid. Nilapitan niya si Andrei at saka bumulong. “Up yours, Soriano.”

Kung hindi ba naman puro gago ang mga lalaking kaharap niya, nakuha pa talagang mang-asar samantalang may kasamahan silang nag-aagaw-buhay sa ospital.

Wala siyang lovelife, okay? Ang pakikipag-date, na siyang nakukuha lang niyang gawin nang matagal na panahon at dahilan kung bakit hindi talaga siya celibate, ay hindi lovelife. Dahil sa trabaho niya, at dahil sa dami ng responsibilidad niya, wala siyang panahong magkaroon ng seryosong lovelife. After all these years, tanggap niya na iyon.

So bakit nga siya naiinggit kina Ylanan at Magdayao?

1

Nanghahapdi na ang mga mata ni Heracles katititig sa computer screen. Ilang oras na rin siyang nagre-research tungkol latest niyang assignment sa *NBI*—mga batang lubhang natutuwa sa Internet gaming. Talamak ang mga ganoong kaso these days—mga mag-aaral pa pero milyong piso ang halaga ng mga pagkakautang dahil sa pagkakalulong sa online gambling.

Ilan pa sa mga sites na iyon ay pinatatakbo ng mga sindikato. Mga miyembro din ng sindikato mismo ang minsang nakikipagpustahan sa mga unsuspecting victims na nagla-log on sa mga sites. Iyon ang mga pinakadelikadong maaaring matisod sa Internet ng isang young adult dahil posibleng hindi lang bulsa ng manlalaro ang maging taya, kundi pati buhay.

“Mabuti na lang hindi pa uso ang computer online gaming noong nag-aaral pa si Pol,” nailing na sabi niya sa kaibigan at partner sa kasalukuyang kaso na si Louie. “Baka kung anong kaliit-liit na mayroon kami in terms of resources kailangan pa naming ipambayad sa sugal.”

“Nag-reminisce na naman po ang lolo ko,” mapang-asar nitong hirit.

“Bakit ba?” Binalingan niya ito. “Nakita mo ba ano’ng edad ng mga batang ito? High school pa lang ’yung ilan. And get this,

bukod sa milyun-milyong pisong pagkakautang, may mga kaso na nauwi sa patayan.”

“Yan ang mahirap sa panahon ngayon. Masyado nang permissive ang mundo at hindi uso ang censorship.”

“Nakakatakot.” Nag-click siya ng panibagong link para sa bagong entry. “Buti pa noong bata tayo, ang laro lang natin piko, taguan, agawan-base, patintero, teks, goma saka holen.”

“Nakngtipaklong, inabot mo maglaro ng teks?” Namilog ang mga mata ng kausap.

“Lokong ’to!” Hinagod niya ito ng tingin mula ulo hanggang paa. “Kung makahirit ka parang ang laki ng agwat ng edad ko sa iyo, ah.”

“Two-*weynty* years, Pare.” Itinaas pa nito ang dalawang daliri para i-emphasize ang sinasabi.

“Gago!” Sinimplehan niyang kutusan ito. “Kapal ng mukha mo... twenty ka diyan. Two months lang kaya.”

“Para ka kasing lolo kung makapagsalita, Pare.” Natatawang gumanti ito ng kutos. “Syado kang seryoso sa pagiging magulang sa kapatid mo, hanggang sa aming mga kaopisina mo nagpapakatatay ka.”

“Wala akong magagawa d’un.” Iningusan niya ito. “Kasalanan ko ba na lumaki kaming walang magulang?”

“Hindi naman wala, Les.” Nanulis ang nguso nito. “Di ba sabi mo nasa abroad lang sila?”

“Wala nga,” aniya na pinandilatan pa ito. “Kung meron, sana nasa tabi namin sila habang tumatanda kaming magkapatid. Sana sila ang nagpalaki, nangaral, nag-alaga at umintindi kay Pol.”

“If I know, Pare, bitter ka.” Kumindat pa ito. “Siguro naisip mong istorbo sa pagporma mo sa mga chicas ang presence ng isang alagaing utol.”

Naghahanap yata ng away ang luku-lukong kaibigan niya, ah.

“Louie, kung sana lang tinutulungan mo akong maghanap ng supporting articles sa kasong pinagtutulungan natin,” idiniin niya ang pagkakasabi ng huling dalawang salitang iyon, “may silbi ka pa sana sa akin kaysa nang-aasar ka tungkol sa kung anong klase ng kapatid at kaibigan ako, 'no?”

Tumawa ito nang malakas. “Kaw naman! Sensitive ka masyado. Niriregla ka ba?”

“Luko-luko.” Muli niya itong inirapan at nag-concentrate na lang sa binabasang item sa screen.

“Akin na nga 'yang files.” Dumukwang ito para abutin ang file folder ng mga papeles na naglalaman ng detalye ukol sa hawak nilang kaso.

Ilang saglit pa, tahimik na silang gumagawa ng action plan

kung paano maresolba ang pinaghihinalaang pamamayagpag ng online gambling syndicate. Ilang oras na din silang abala nang mag-ring ang intercom sa mesa ni Les.

“Yep?” sagot niya sa mouthpiece.

“Sir, may bisita ka dito sa lobby,” anang receptionist.

“Sino daw?”

“Kakilala n’yo daw po, Ajie Marcelo.”

Nabitawan niya ang aparato.

Ajie Marcelo? As in *the Aida* ‘Ajie’ Marcelo ng kanyang high school at college nightmares?

“Sorry.” Malamang nabingi ang kausap niya nang mabagsak ang receiver. “Bakit daw?”

“Sir, personal daw po.”

Tumaas ang kilay niya. Umangat ang ulo ni Louie. Sinagot lang niya ng pagkibit ang mapagtanong nitong tingin.

“Sir?” untag ng receptionist dahil may katagalan siyang sumagot.

“Ah... sige, patuluyin mo dito.”

Ibinaba na niya ang telepono. Sumandal siya sa kinauupuan at malalim na nag-isip.

Ajie Marcelo. It had been a long time. What could she want after all these years?

Mula sa masayang paghalakhak kasama ang mga kabarkadang nakikipagbiruan, biglang tumalim ang mga mata ni Heracles Marasigan nang dumaan ang kaklaseng si Aida Marcelo sa corridor sa labas ng tinatambayang classroom. Seryosong pinagmasdan niya ang ayos nito habang may sumusulak na asido mula sa kanyang sikmura.

High school sila nang una niyang makilala ito. Noon, naisip niyang hindi ito interesanteng tao. Itim lang kasi ang kulay ng wardrobe nito. Wala nang iba.

Itim ang pang-itaas na kadalasan ay tank top, minsan naman ay ultra-feminine blouse complete with lace or ribbons, itim na pants o palda na either hanggang sakong ang haba o minsan ay tama lang na matakpan lagpas sa umbok ng pang-upo nito, itim na cosmetics mula sa eyeliner, lipstick, pati na ang nail polish at black shoes na either knee-high boots, Converse Chuck Taylors, platforms or flat pumps.

She's a dark character, that Aida, kung pagbabasehan lang ang panlabas na anyo nito. Parang manyika ng mangkukulam, nakatirintas pa sa magkabilang gilid ng ulo ang itim na itim na buhok.

Or she could also pass off as the grim reaper lalo na kung

Heracles Marasigan - Edith Joaquin

tahimik ito at hindi nagsasalita. Mabuti na lang may personalidad ito na taliwas sa trip nitong anyo. She was a bubbly, happy person na palakaibigan. Not to mention matalino at go-getter.

Iyon ang dahilan kung bakit mas gusto niyang isipin na grim reaper ito. Parati nitong binibiktima ang essence ng mga pangarap niya—ang pagiging presidente ng klase hanggang pati ng student council, ang pagiging valedictorian, heck, pati ang pagiging commandant noong high school sa Reserved Officer Training Corps.

Ngayong graduating na silang pareho ng BS Psychology mula sa iisang unibersidad, magtatapos pa itong summa cum laude kahit pa point something lang ang agwat ng grade point average nito sa kanya. Kasi lang ay nasa borderline siya kaya magna cum laude honors lang ang matatanggap niya.

Really, panira ng buhay ang Marcelo na iyon.

So why in hell did he have this ridiculous crush on her for the longest time?

“Ajie!” habol niya rito. Ajie was short for Ajinomoto. Iyon ang tawag niya rito dahil singkit ito at mukhang Haponesa.

Lumingon ito. Mabilis na kumurap-kurap ang mga mata ng dalaga nang makitang siya ang tumawag dito.

“Hi, Les!” bati nito kasabay ng isang matamis na ngiti.

“Ahm...” Tumikhim siya. Naiinis siya kanina bago ito lumingon. Panunumbat ang dahilan kung bakit niya ito kakausapin. Ano’t

nag-hang ang utak niya ngayon? “I, uh, heard you got ‘Best Thesis’ para sa paper mo. Congrats.”

Palm-head!

“Ah, yeah.” Bahagyang namula ang mga pisngi nito. “Salamat. You didn’t do too bad. Ilang points lang naman ang lamang ng paper ko sa iyo.”

Iyon na nga ang nakakainis, di ba?

“Ahm, oo nga. Format lang yata ang naging problem n’ung paper ko.”

“Okay lang ’yun.” Inabot nito ang kanyang bisig para pisilin. “At least may merit pa din ’yung study mo. I heard may interesadong mag-fund ng paper mo para maipagpatuloy ’yung sinimulan mo nang study.”

“Yeah, oo nga.” Hindi hayag kung sino ang funder na iyon, pero siyempre, alam niya dahil nakipag-usap na ang mga ito sa kanya nitong nakaraang linggo pa.

“Ahm,” kinagat-kagat nito ang pang-ibabang labi, “may date ka na ba for the grad ball?”

Muntik na siyang mahimatay sa narinig. Was this her way of telling him he could ask her? Pero bakit nga ba naman hindi? Mula pa unang beses niya itong nakilala ay crush na niya ito kahit ayaw niyang aminin. Kung bakit hindi niya rin kahit minsan naisip na ayain itong mag-date o kaya ay makakuwentuhan man lang.

Heracles Marasigan - Edith Joaquin

Parati silang magkatabi sa klase dahil magkasunod sa class list ang mga pangalan nila. Gustung-gusto sana niya itong ayain noon sa High School JS Prom, pero hindi siya nagkaroon ng lakas ng loob. Hanggang ngayon ba naman?

“Ahm, wala pa nga, eh.” Namulsa siya.

“Ah, okay.” Yumuko ito at tinitigan ang mga paang balot ng itim na leather Doc Martens work boots.

“Ikaw?” Self-consciously ay hinagod niya ang batok. “May date ka na? Baka gusto mong...”

“Sure,” sabad na nito kaagad, flashing another of her close-up smiles.

Pinigilan niya ang sariling magtatalon na para bang nanalo siya sa lotto.

“Sige.” Nginitian niya rin ito. “Next week?”

“Yup,” nagsimula itong maglakad palayo, “see you.”

“Bye, Ajie.”

Hindi niya akalaing sa pamamaalam niyang iyon din niya huling makikita ang dalaga.

“Hi, Les!” masayang bumati si Aida Marcelo sa batchmate at dating kaklase.

Matagal na mula nang huli niya itong nakita. Matter of fact, ilang linggo bago ang graduation nila sa kolehiyo noong huli niyang makausap ito.

“Ajie!” Gumanti ito ng ngiti pero tila may kaunting bahid iyon ng pag-aalangan. “What brings you here?”

“Puwede ba kitang imbitahang lumabas?” She started to twist her fingers.

“Ahm...” Luminga ito at tila humihingi ng permiso mula sa isang lalaking nakaupo sa tabi nito kanina nang dumating siya. “May tinatapos lang sana akong work.”

Pagkasabi nito niyon ay may kumalampag. Kasunod ay napangiwi ang lalaki na para bang nasaktan pero hindi niya mawari kung may kinalaman iyong kumalabog sa reaction nito.

“Ganoon ba?” Napatungo siya. “Ahm, puwede naman kitang hintayin. Medyo importante lang sana.”

“Ha?” Yumukod ito at pasimpleng hinagod ang bahagi ng binti. “Sige, ah... Mga ten minutes lang.”

Tumango siya.

“Upo ka muna, Miss,” alok ng lalaking naroon sabay hila ng isang *Monobloc* para sa kanya.

“Thank you.” Maayos niyang tiniklop sa ilalim ng kanyang hita ang tupi ng pleated na palda.

Tahimik niyang pinanood ang binata habang ito ay nagtatrabaho.

Wala halos itong ipinagbago mula noong college sila. Guwapo pa rin. Kung posible pa sanang mas gumwapo ito dahil nag-mature nang bahagya ang mukha nito gawa ng ilang linya sa sulok ng mga mata nitong nakakatunaw pa rin kung tumingin.

Kung sana ay binigyan lang niya ng pagkakataon ang pagkakakilala nilang magbunga ng higit pa sa platonic na pagiging magkaklase noon, disin sana ay sa kanya lang nito itinutuon ang mga matang iyon.

“Tayo na.” Sa wakas ay tumayo ito mula sa pagkakasubsob sa computer.

Kotse niya ang ginamit nila. Siya na rin ang namili ng kanilang pupuntahan. Sa gawi ng Roxas Boulevard na lang sila nagtungo para hindi hassle ihatid ang binata pabalik ng *NBI* para mabalikan nito ang sariling sasakyan.

“Kumusta ka na?” Sinimulan niya ang small talk nang maibigay sa waiter ang kanilang order.

“Eto, busy sa pagiging alagad ng batas.” Pinunasan nito ang ibabaw ng de-latang inumin bago iyon binuksan. “Ikaw? Ano’ng balita sa iyo? Nag-asawa ka na ba?”

Namumula ang mukha niya nang umiling. “Ahm, Les... I, uh, need help sana...” Sinimulan niyang punit-punitin ang hawak na

table napkin. “Although, kung hindi ka papayag, maiintindihan ko naman.”

“Sandali, ano muna ’yun?”

“Alam kong malaki ang kasalanan ko sa iyo noon. I’d been thinking actually kung okay lang na lumapit ako sa iyo. Kaya lang wala na talaga akong maisip na paraan.”

“Ajie,” hinawakan nito ang kamay niya na ngayon ay nakakapit sa tinidor na ikinakayod niya sa ceramic na plato, “wag mo naman akong pangunahan sa kung ano’ng puwede kong tanggihan o hindi.”

Napakagat siya sa labi. “Les, na-kidnap ang pamangkin ko!” hagulhol niya.